## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala ng Banal na Espiritu na nagbibigay-lakas sa iyo habang nagpapatotoo ka kay Cristo. Ipagdasal na maging matapang ka sa pagbabahagi tungkol kay Jesus dahil alam mo na kasama mo ang Banal na Espiritu.
- Humingi sa Diyos ng biyaya para makapagpatuloy ka sa kabila ng mga pagsubok at pag-uusig. Ipagdasal na maranasan mo ang kapangyarihan ng Diyos habang sinusunod mo si Jesus kahit pa mahirap itong gawin.
- Ipagdasal ang mga tao na nang-insulto o nang-usig sa iyo noon. Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng malasakit para sa kanila at humingi ng pagkakataong makagawa ng kabutihan sa kanila at maging saksi para kay Jesus ngayong linggo.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Mona Pondales, Janine Pineda

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

# Cost of the Cross

## Pagharap sa Pag-uusig

WEEK 4

## WARM-UP

- May pagkakataon ba sa buhay mo na nakatanggap ka ng payo o babala na nakatulong  para maiwasan mo ang isang malaking problema? Ano ang nangyari?
- Paano ka karaniwang tumutugon kapag may hindi sang-ayon sa opinyon o ginagawa mo?
- Naranasan mo na ba ang pakiramdam na gusto mo nang sukuan ang isang mahalagang bagay? Ano ang dahilan ng desisyon mong magpatuloy?

## WORD

*[18]Sinabi pa ni Jesus, "Kung napopoot sa inyo ang mga*
*taong makamundo, alalahanin ninyo na ako ang una*
*nilang kinapootan. [19]Kung kabilang kayo sa kanila,*
*mamahalin nila kayo. Pero hindi kayo kabilang sa kanila,*
*kundi pinili ko kayo mula sa kanila. Kaya napopoot sila*
*sa inyo. [20]Tandaan n'yo ang sinabi ko sa inyo na walang*
*aliping mas higit sa kanyang amo. Kung inusig nila ako,*
*uusigin din nila kayo. At kung sinunod nila ang aking*
*salita, susundin din nila ang inyong salita."* **JUAN 15:18–20**

(Basahin din ang **JUAN 15:21–16:4.**)

Sinabi ni Jesus sa mga tagasunod Niya na ang pag-uusig na kanilang mararanasan ay dahil sa pagtanggi ng mundo sa katotohanan na Kanyang itinuturo. Sa kabila nito, sinabihan Niya sila na magpakatatag, sundin ang Kanyang salita, at magpatuloy sa paglilingkod sa Kanya kahit na may mga pagsubok. Ang paglilingkod kay Cristo ay may kasamang sakripisyo, pero ito ay isang buhay na may bunga na walang hanggang at tumutulong upang matupad ang layunin ng Diyos. Ngayong araw, titingnan natin kung ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa mga pag-uusig na haharapin ng Kanyang mga tagasunod.

## 1 Mararanasan natin ang pag-uusig para kay Cristo.

*“Tandaan n’yo ang sinabi ko sa inyo na walang aliping mas higit sa kanyang amo. Kung inusig nila ako, uusigin din nila kayo. At kung sinunod nila ang aking salita, susundin din nila ang inyong salita.”* **JUAN 15:20**

Bilang mga tagasunod ni Jesus, makakaasa tayo na haharapin din natin ang pag-uusig na tinanggap Niya. Kung paano Siya inusig ng mundo, ganoon din tayo. Maaaring tanggihan ng mundo ang mensahe natin, tulad ng pagtanggi nila kay Cristo. Ang pag-uusig dahil kay Cristo ay bahagi ng pamumuhay ayon sa Kanyang katotohanan at nagsisilbing paalala na nakikibahagi tayo sa Kanyang misyon. Ikwento ang isang pagkakataon na nakaranas ka ng pag-uusig dahil sa iyong pananampalataya. Paano ka nagtiyaga?

## 2 Kasama natin ang Banal na Espiritu habang nagpapatotoo tayo kay Cristo.

*26 Pagkatapos, sinabi ni Jesus, “Ipapadala ko sa inyo ang Banal na Espiritu mula sa Ama. Siya ang Tagatulong n’yo at tagapagturo ng katotohanan. Pagdating niya, magpapatotoo siya kung sino talaga ako. 27 Kayo rin ay dapat na magpatotoo tungkol sa akin, dahil kasama ko na kayo mula pa noong una.”* **JUAN 15:26–27**

Ito ang pag-asa na pwede nating panghawakan: Hindi tayo nag-iisa sa ating paglalakbay nang may pananampalataya. Lagi nating kasama ang Banal na Espiritu, tinutulungan tayong magpatotoo sa Kanyang katotohanan at nagbibigay ng lakas, karunungan, at tapang upang maipahayag natin ang ebanghelyo. Sa tulong ng Espiritu, lumalakas ang loob natin na ibahagi ang mensahe ni Cristo sa buong mundo, kahit pa may mga pag-uusig. Paano mo naranasan ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu habang nagpapatotoo ka tungkol kay Cristo?

## 3 Inabisuhan tayo upang magpatuloy sa pagsunod kay Cristo.

*“Sinasabi ko na sa inyo ang mga bagay na ito para hindi manghina ang inyong pananampalataya pagdating ng pag-uusig.”* **JUAN 16:1**

Dahil inabisuhan tayo ni Jesus, alam natin na hindi Siya nagugulat kapag tayo’y nakakaranas ng pag-uusig at pagsubok. Ang katotohanan na ito ay nakakatulong sa atin upang hindi mawalan ng pag-asa at magpatuloy sa misyon na tinawag Niya tayong gawin. Ikwento ang isang pagkakataon na naging mas madali para sa iyo ang pagdaanan ang isang pagsubok dahil alam mong mangyayari ito. Paano ka naghanda para dito?

## APPLICATION

- Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga bagay na nagiging sagabal sa pagbabahagi mo ng iyong pananampalataya sa mga tao sa iyong paligid. Ipagdasal na maging matatag ka sa iyong pananampalataya kahit na may pag-uusig at pagsubok.
- Pag-isipan ang sinasabi sa Santiago 1:2–4. Isulat kung ano ang ipinapakita sa iyo ng Banal na Espiritu tungkol sa kung paano ka dapat tumugon kapag may pagsubok sa iyong pananampalataya.
- Ipanalangin ang mga kilala mo na nakakaranas ng pag-uusig. Ipagdasal na maging malakas sila sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu at mapalibutan ng mga mananampalataya na magpapatatag ng kanilang pananampalataya.